

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-10 NG MAYO, 1994 9:00 A.M. SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Jesus M. Dimapilis	- Pangalawang Punong Bayan Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Crisencio S. Calma	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Bernabe S. Mortel	
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.	
Kagawad Ranulfo C. Bernal	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- Pangulo, ABC
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- Pangulo, SK

Hindi Dumalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 49
Taong 1994

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAPAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO AT MINSAY NAGING HAIAL NA KONSEHAL NG BAYANG ITO, G. JOHN D. ADAP.

SAPAGKA'T, ang pagpanaw ng isang taong pinagpipitaganan at minamahal ay malabis na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKA'T, si G. John Adap ay matagal na naglingkod sa kanyang mga kababayan, una, bilang Konsehal ng bayan ito, dalawang ulit na naging Punong Barangay ng Paclasan at sa kahulihulihan ay bilang kawani ng Tanggapan ng Ingatyan ng bayang ito sa loob ng labing-walong taon;

SAPAGKA'T, sa panahon ng kanyang pagiging lingkod-bayan, si G. John D. Adap ay naging matapat, masipag at lubhang matiyaga sa pagsasagawa ng kanyang mga tungkulin at responsibilidad para sa kabutihan at kaayusan ng sambayanan;

SAPAGKA'T, sa mahabang panahon ng paglilingkod, si G. John D. Adap ay naging isang mabuting kasama sa gawain at matapat na kaibigan;

SAPAGKA'T, ang pagkawala ng isang butihing ama ng pamilya at ng isang nakatatandang kapatid na naging gabay, tagapayo at mapagkalingang kamay sa loob ng mahabang mga taon ay lubhang masakit para sa mga minamahal at nagsamahal sa kanya;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayang ito, ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay mataos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang mahal na kasama at kaibigan.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayang ito -


IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng naging kawani ng Pamahalaang Bayang ito, G. JOHN D. ADAP ang matapat na pakikidalamhati at pakikiramay ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ni G. JOHN D. ADAP lakip ang aming tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat.

Mayo 10, 1994


PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng kapasyahang ito.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Punong Bayan

mercy/
051194